

# Umaksyon para Panatilihin ang Inyong Medi-Cal

## Tiyaking updated ang inyong impormasyon

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mahahalagang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa inyo at sa inyong pamilya, kabilang ang inyong mga pagpapatingin sa doktor, mga reseta, mga pagbabakuna, pangangalaga sa kalusugan ng isip, at marami pa. Kung kaya, kung mayroon kayong Medi-Cal, tiyaking ire-renew ninyo ito kapag panahon na para i-renew.



### I-update ang inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan

lulat ang anumang pagbabago sa inyong pangalan, address, numero ng telepono, at email address, para makaugnayan kayo ng inyong county. Tawagan ang Opisina ng San Francisco Medi-Cal sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free).

### Tingnan ang inyong mail

Papadalhan kayo ng liham ng mga county tungkol sa inyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal. Posibleng kailanganin ninyong kumumpleto ng form sa pag-renew. Kung pinadalhan kayo ng form sa pag-renew, isumite ang inyong impormasyon sa pamamagitan ng mail, telepono, sa personal, o online, para hindi mawala ang inyong coverage.

### Gawin o tingnan ang inyong online na account

Maaari kayong mag-sign up para makatanggap ng mga alerto tungkol sa inyong kaso. Gumawa o mag-log in sa inyong account para matanggap ang mga alertong ito. Maaari kayong magsumite ng mga pag-renew o hinihiling na impormasyon sa **MyBenefitsCalWIN.org**.

**Matuto pa tungkol sa pag-renew ng inyong coverage sa Medi-Cal sa [sfhp.org/renew](https://sfhp.org/renew).**

Makipag-ugnayan sa Opisina ng San Francisco Medi-Cal sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free).

# Pag-renew ng Inyong Medi-Cal

## Mga Madalas na Itanong

### Kailangan ko ng tulong sa pag-access sa Coverage sa Medi-Cal

Makipag-ugnayan sa Opisina ng San Francisco Medi-Cal sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free).

### Itinigil ang aking Coverage sa Medi-Cal, ano ang dapat kong gawin?

Makipag-ugnayan sa Opisina ng San Francisco Medi-Cal sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free).

### Bakit kailangan kong mabigay ng updated na impormasyon?

Kung mayroon kayong Medi-Cal, susubukan ng lokal na opisina sa inyong county na i-renew ang inyong Medi-Cal. Gagamitin nila ang impormasyong hawak nila. Hihiling ang lokal na opisina sa county ng higit pang impormasyon kung kailangan nila ito para i-renew ang inyong Medi-Cal. Kung makakatanggap kayo ng packet sa pag-renew o liham na humihiling sa inyo ng higit pang impormasyon, maaari ninyong isumite ang impormasyon sa pamamagitan ng mail, telepono, sa personal, o online.

Kung nagkaroon ng pagbabago sa inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan o sa mga sitwasyon sa sambahayan, mangyaring i-update ang inyong impormasyon ngayon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na opisina sa inyong county sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free).

Maaari din ninyong i-update ang inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan online sa **MyBenefitsCalWIN.org**.

### Buntis ako, kailangan ko bang i-update ang aking impormasyon?

Oo. Maaaring isagawa ang mga pag-update sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na opisina ng inyong county sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free). Maaari din ninyong i-update ang inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan online sa **MyBenefitsCalWIN.org**.

### Nagkaroon ng pagbabago ang aking sambahayan, kailangan ko bang i-update ang aking impormasyon?

Oo, kailangan ninyong iulat ang anumang pagbabago sa inyong sambahayan, gaya ng kita, kung may buntis, may bagong miyembro ng sambahayan, at anumang pagbabago sa inyong address sa lokal na opisina sa inyong county. Maaaring isagawa ang mga pag-update sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na opisina ng inyong county sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free). Maaari din ninyong i-update ang inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan online sa **MyBenefitsCalWIN.org**.



Makipag-ugnayan sa Opisina ng San Francisco Medi-Cal sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free).

# Pag-renew ng Inyong Medi-Cal

## Mga Madalas na Itanong

### Kailangan ba naming sagutan at ibalik ang mga packet sa pag-renew kapag natanggap namin ang mga ito?

Oo, mahalagang tumugon ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa mga kahilingan ng county para sa updated na impormasyon, kabilang ang mga packet sa pag-renew. Sa pamamagitan nito, matitiyak na mayroon ang county ng pinakabagong impormasyon na kailangan nito upang ma-renew ang inyong saklaw sa Medi-Cal. Makakatulong din ito sa county na malaman kung kwalipikado kayo para sa libre o mas murang coverage.

Kung papadalhan kayo ng form sa pag-renew, isumite ang inyong impormasyon sa pamamagitan ng mail, telepono, sa personal, o online, para hindi mawala ang inyong coverage. Gawin o tingnan ang inyong online na account sa **MyBenefitsCalWIN.org** para mag-sign up para makatanggap ng mga alerto sa text o email tungkol sa inyong kaso. Maaari kayong magsumite ng mga pag-renew o hinihiling na impormasyon online.

### Kailangan ko bang kumumpleto ng pag-renew ng Medi-Cal?

Hihiling ang lokal na opisina sa county ng higit pang impormasyon kung kailangan nila ito para i-renew ang inyong Medi-Cal. Kung makatanggap kayo ng packet sa pag-renew o liham na humihiling sa inyo ng higit pang impormasyon, maaari ninyong isumite ang impormasyon sa pamamagitan ng mail, telepono, sa personal, o online.

Maaaring isagawa ang mga pag-update sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na opisina ng inyong county sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free). Bisitahin ang **MyBenefitsCalWIN.org** para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano gawin o i-access ang inyong online na account.

### Kailan ko kailangang sagutan at ibalik ang aking packet sa pag-renew ng Medi-Cal?

Darating ang liham mula sa inyong county sa panahon kung kailan ninyo natanggap ang mga katulad na liham sa mga nakalipas na taon. Halimbawa, kung ang panahon ng pag-renew ng inyong Medi-Cal ay sa Abril sa mga nakalipas na taon, dapat ninyong abangan ang liham mula sa inyong county 2 buwan bago ang Abril.

### Paano kung hindi na ako kwalipikado para sa Medi-Cal?

Kung hindi na kayo kwalipikado para sa Medi-Cal, maaari kayong makakuha ng coverage sa kalusugan sa pamamagitan ng Covered California. Kapag nawala ang Medi-Cal, magagawa ninyong magpatala sa isang Covered California plan nang wala sa panahon ng bukas na pagpapatala. Papadalhan kayo ng lokal na opisina sa county ng impormasyon tungkol sa kung paano mag-sign up.

### Lumipat ako. Sino ang dapat kong tawagan?

Maaari naming i-update ang inyong address para sa inyong pinamamahalaang plano sa pangangalaga. Mahalagang ibahagi namin ang impormasyong ito sa county upang patuloy kang makatanggap ng mahalagang abiso tungkol sa inyong Medi-Cal. Kung ayaw ninyong ibahagi namin ang inyong bagong address sa lokal na opisina ng inyong county, kakailanganin ninyong makipag-ugnayan sa kanila nang direkta at ibigay ang inyong updated na impormasyon. Makipag-ugnayan sa Opisina ng San Francisco Medi-Cal sa **1(415) 558-4700** o **1(855) 355-5757** (toll-free).